



# Ang Doktrina Ng Mga Nicolaita

*ni*

William Marrion Branham



# ANG DOKTRINA NG MGA NICOLAITA

Apocalipsis 2:15, “Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita, na bagay na Aking kinapopootan.”

Inyong matatandaang inilahad ko sa Kapanahunan ng Efeso na ang salitang, *Nicolaita*, ay nagmumula sa dalawang salitang Griyego: *Nikao* na ang ibig sabihin ay *manakop*, at *Lao* na ang ibig sabihin ay *ang mga karaniwang kasapi ng iglesya*. Ang Nicolaita ay nangangahulugang, “*manakop ng mga karaniwang kasapi ng iglesya*.” Ngayon bakit ito sadyang kakilakilabot na bagay? Ito ay kakilakilabot dahil hindi kailanman inilagay ng Diyos ang Kaniyang iglesya sa mga kamay ng isang inihalal na pamumuno na kumikilos na may pang-politika na pag-iisip. Inilagay Niya ang Kaniyang iglesya sa ilalim ng pangangalaga ng mga itinalaga-ng-Diyos, puspos-ng-Espiritu, namumuhay-sa-Salita na mga lalaking nag-aakay sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanila ng Salita. Hindi Niya pinaghiwa-hiwalay ang mga tao nang uri sa uri nang sa gayon ang mga karaniwang tao ay pangunahan ng isang banal na pagkapari. Totoo nga na ang pamumuno ay kinakailangang banal, ngunit gayon pa man kinakailangang ganoon din ang buong kongregasyon. Isa pa, walang dako sa Salita kung saan ang mga pari o ang mga ministro o ang mga gayon ay

namamagitan sa pagitan ng Diyos at ng mga tao, ni mayroon mang isang dako kung saan sila nakabukod sa kanilang pagsamba sa Panginoon. Nais ng Diyos na ang lahat ay umibig at maglingkod sa Kaniya nang sama-sama. Sinisira ng Nicolaitanismo ang mga utos na iyon at sa halip ay ibinubukod ang mga ministro mula sa mga tao at ang mga pinuno ay ginagawang mga panginoon sa halip na mga tagapaglingkod. Ngayon ang doktrinang ito sa katunayan ay nagsimula bilang isang gawa noong unang kapanahunan. Waring ang suliranin ay nasa dalawang salita: “mga matatanda” (mga presbitero) at “mga tagapangasiwa” (mga obispo). Bagama’t ipinapakita ng Kasulatan na may ilang mga matatanda sa bawat iglesya, ang ilan ay nagsimula (kasama sa kanila si Ignatius) na magturo na ang kaisipan hinggil sa isang obispo ay isang may kahigtán o kapamahalaan at kapangyarihang nakapangingibabaw sa mga matatanda. Ngayon ang totoo talaga niyan ay ang salitang “matanda” ay nagpapahiwatig kung sino ang tao, samantalang ang salitang “obispo” ay nagpapahiwatig ng katungkulan ng siya ring lalaki. Ang matanda ay ang naturang lalaki. Obispo ang katungkulan ng naturang lalaki. Ang “matanda” ay lagi at palaging tutukoy lamang sa pagkaedad ng isang lalaki sa Panginoon. Siya ay isang matanda, hindi dahil sa siya ay inihalal o itinalaga, atbp., kundi dahil sa siya AY HIGIT NA NAKATATANDA. Siya ay higit na bihasa, sanay, hindi isang baguhan, maaasahan dahil sa karanasan at matagal na panahon nang patotoo ng kanyang maka-Cristiyanong karanasan. Subalit hindi, ang mga obispo ay hindi nanatili sa mga sulat ni Pablo, kundi sa halip ay tinungo nila ang salaysay ni

Pablo tungkol sa pagkakataong ipinatawag niya ang mga matatandang taga-Efeso at pinapunta sa Mileto sa Mga Gawa 20. Sa talata 17 ay nakasaad sa kasulatan, ang “mga matatanda” ay ipinatawag at pagkatapos sa talata 28 ay tinatawag silang mga tagapangasiwa (mga obispo). At ang mga obispong ito, (walang kadudadudang mga maka-pulitika ang pag-iisip at nananabik sa kapangyarihan) ay iginiit na ipinakahulugan ni Pablo na “ang mga tagapangasiwa” ay higit pa sa lokal na matanda na may opisyal na tungkulin lamang sa kanyang sariling iglesya. Sa kanila ang isang obispo ay isa na ngayong may malawig na kapangyarihang nakapangingibabaw sa maraming lokal na pinuno. Ang gayong kaisipan ay hindi ayon sa Kasulatan ni sa kasaysayan man, gayunman maging ang isang lalaking mula sa mataas na kalagayang si Policarpio ay kumiling patungo sa gayong pag-oorganisasyon. Kung kaya, yaong nagsimula bilang isang gawa noong unang kapanahunan ay ginawang isang literal na doktrina at gayon din nga ito ngayon. Inaangkin pa rin ng mga obispo ang kapangyarihang pamahalaan ang mga tao at pakitunguhan ang mga ito ayon sa kanilang gusto, inilalagay sila kung saan nila loobin ang gayon sa ministeryo. Itinatangi nito ang pangunguna ng Espiritu Santo Na nagsabing, “Ibukod ninyo sa Akin sina Pablo at Bernabe para sa gawaing itinalaga Ko sa kanila.” Ito ay laban sa Salita at anti-Cristo. Mateo 20:25-28, “Datapuwa’t sila’y pinalapit ni Jesus sa Kaniya, at sinabi, Nalaman ninyo na ang mga pinuno ng mga Gentil ay nangapapapanginoon sa kanila, at ang kanilang mga dakila ay nagsisigamit ng kapamahalaan sa kanila. *Nguni’t sa inyo’y hindi magkakagayon;* kundi

ang sinomang mag-ibig na dumakila sa inyo ay magiging lingkod ninyo; at sinomang mag-ibig na maging una sa inyo ay magiging alipin ninyo: Gayon din naman ang Anak ng tao’y hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kaniyang buhay na pangtubos sa marami.” Mateo 23:8-9, “Datapuwa’t kayo’y huwag patawag na Rabi: sapagka’t Iisa ang inyong Guro, sa makatuwid baga’y si Cristo; at kayong lahat ay magkakapatid. At huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinomang tao sa lupa: sapagka’t Iisa ang inyong Ama, sa makatuwid baga’y Siya na nasa langit.”

Upang higit pang linawin ito, hayaang ipaliwanag ko ang Nicolaitanismo sa ganitong paraan. Inyong matatandaan na sa Apocalipsis 13:3 ay ganito ang isinasaad, “At nakita ko ang isa sa kanyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay: at ang kanyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa’y nanggilalas sa hayop.” Ngayon alam nating ang ulong nasugatan ay ang paganong Imperyong Romano, iyang malaking kapangyarihang pang-politika sa mundo. Ang ulong ito ay muling bumangon bilang ang “Romano Katolikong espirituwal na imperyo.” Ngayo’y masdan itong maigi. Ano ang ginawa ng maka-pulitikang paganong Roma na naging batayan ng kanyang tagumpay? Siya, “ay nanghati at nanakop.” Iyan ang binhi ng Roma—ang manghati at manakop. Ang kanyang bakal na mga ngipin ay gumutay at sumila. Ang kanyang ginutay at sinila ay hindi na muling makabangon tulad nang wasakin niya ang Carthage at ikinalat ito na parang asin. Ang siya ring bakal na binhi ay nanatili sa kanya nang siya’y lumitaw bilang

ang bulaang iglesya, at ang kanyang pamamalakad ay nanatili pa ring ganoon—manghati at manakop. Iyan ay Nicolaitanismo at kinapopootan ito ng Diyos.

Ngayon isang tanyag na makasaysayang katotohanan na noong ang kamaliang ito’y pumasok sa iglesya, ang mga kalalakiha’y nagsimulang makipag-agawan para sa katungkulan ng obispo na ang kinalabasan ay ibinibigay ang posisyong ito doon sa mga lalaking higit na may-pinag-aralan at maunlad sa mga materyal na bagay at may pulitikal na pag-iisip. Ang kaalaman at programa ng tao ay nagsimulang palitan ang lugar ng maka-Diyos na karunungan at ang Banal na Espiritu ay hindi na namamahala. Ito ay talagang isang kalunus-lunos na kasamaan, dahil ang mga obispo ay nagsimulang igiit na hindi na kailangan ng isang malinaw na katangiang Cristiyano upang gampanan ang mga gawain sa Salita o sa mga seremonya sa simbahan sapagkat ang mga elemento at ang seremonya ang siyang mahalaga na. Ito’y nakapagbigay-daan sa mga masasamang tao (manrarahuyo) na gutay-gutayin ang kawan.

Dahil may gawang-taong doktrina na tungkol sa pag-aangat sa mga obispo sa isang lugar na hindi naman ibinigay sa kanila sa Kasulatan, ang kasunod na hakbang ay ang pagbibigay ng mga titulong may ranggo na naging isang panrelihiyong herarkiya; dahil di nagtagal ay meron nang mga arsobispo na nakapangingibabaw sa mga obispo at mga kardinal na nakapangingibabaw naman sa mga arsobispo at nang dumating ang panahon ni Boniface III ay may isa nang papang nakapangingibabaw sa lahat, isang *Pontipise*.

Dahil sa doktrinang Nicolaita at sa pagkakahalo ng Cristiyanismo sa Babilonianismo ang netong kinalabasan ay marapat na maging kung ano nga ang nakita ni Ezekiel sa Kabanata 8:10, “Sa gayo’y pumasok ako at nakita ko; at narito ang bawat anyo ng nagsisiusad na mga bagay, at kasuklam-suklam na mga hayop, at lahat ng mga diosdiosan ng sangbahayan ng Israel, na nakaguhit sa pader sa palibot.” Apocalipsis 18:2, “At siya’y sumigaw nang malakas, sa isang malakas na tinig na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng bawa’t espiritung karumal-dumal, at kulungan ng bawa’t karumal-dumal at kasuklam-suklam na mga ibon, sapagka’t dahil sa alak ng galit ng kanyang pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa.”

Ngayon itong doktrinang Nicolaita, itong patakarang pinairal sa iglesia ay hindi nagtagumpay nang husto sa karamihan ng mga tao dahil nababasa ng mga ito ang kakaibang sulat o sanaysay tungkol sa Salita na isinulat ng kung sinong maka-Diyos na tao. Kaya ano ang ginawa ng simbahan? Itiniwalag nito ang mga matuwid na guro at sinunog ang mga rolyo ng kasulatan. Ang sabi nila, “Nangangailangan ng isang espesyal na edukasyon para mabasa at maunawaan ang Salita. Aba maging si Pedro ay nagsabi na marami sa mga isinulat ni Pablo ay mahirap intindihin.” Dahil inalis na ang Salita mula sa mga tao, di naglaon humantong iyon sa kalagayang ang mga tao’y nakikinig na lamang sa kung ano ang sabihin ng pari, at ginagawa kung ano ang sinabi nito sa kanila. Ang itinawag nila diyan ay ang Diyos at ang Kaniyang banal na Salita. Sila na ang



kumontrol sa mga pag-iisip at sa mga buhay ng mga tao at ang mga ito'y ginawang mga tagapaglingkod ng isang mapaniil na pagkapari.

Ngayon kung nais ninyo ng katibayan na sapilitang hinihingi ng Iglesia Katolika ang mga buhay at pag-iisip ng mga tao, pakinggan n'yo lang ang kautusan ni Theodosius X. *Ang Unang Kautusan Ni Theodosius.*

Ang kautusang ito ay agad na ipinalabas matapos na siya'y mabautismuhan ng Unang Iglesia ng Roma. “Kaming tatlong emperador ay naghahangad na ang aming mga nasasakupan ay matimtimang umanib sa relihiyong itinuro ni San Pedro sa mga Romano, na matapat na iningatan ng tradisyon at ngayon ay ipinapahayag ng papa, na si Damaso ng Roma, at ni Pedro, na obispo ng Alexandria, isang lalaking may Apostolikong kabanalan ayon sa pagkakatatag ng mga Apostol, at sa doktrina ng Ebanghelyo; tayo'y magsipaniwala sa isang Pagka-Diyos ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, na may pantay-pantay na kamahalan sa Santisima Trinidad. *Ipinag-uutos naming ang mga kaanib ng pananampalatayang ito ay tawaging mga Cristyanong Katoliko; binabansagan namin ng kalait-lait na pangalang mga erehe ang lahat ng mga walang-isip na tagasunod ng iba pang mga relihiyon, at pinagbabawalan ang kanilang mga lihim na panrelihiyong pagtitipong nagpapanggap ng pangalan ng mga iglesya.* Bukod sa paghatol ng banal na katarungan, dapat nilang asahan ang mabigat na parusa na iisipin ng aming kapangyarihan, na ginagabayan ng maka-langit na karunungan na wastong ikastigo...”

Ang labinlimang batas ukol sa parusa na ipinalabas ng emperador na ito sa gayon ding dami ng mga taon ay binawian ang mga mananampalataya ng doktrina ng Ebanghelyo ng lahat ng mga karapatan sa pagganap ng kanilang relihiyon, hindi sila tinanggap sa lahat ng mga katungkulang sibil, at pinagbantaan sila ng mga multa, pangungumpiska, pagpapatapon at maging sa ilang mga pangyayari, kamatayan.

Alam ba ninyo kung ano? Tayo ay patungo na mismo sa daang iyan ngayon.

Tinatawag ng Iglesia Katolika Romana ang kanyang sarili na Inang iglesya. Tinatawag niya ang kanyang sarili na una o orihinal na iglesya. Iyan ay tiyak na tama. Siya ang orihinal na Unang Iglesia ng Roma na nanumbalik sa dating kasamaan at nagtungo sa kasalanan. Siya ang unang nag-organisa. Sa kanya ay natagpuan ang mga gawa at pagkatapos ay ang doktrina ng Nicolaitanismo. Walang makapagtatwang siya ay isang ina. Siya ay isang ina at nagbunga ng mga anak na babae. Ngayon ang isang anak na babae ay lumalabas mula sa isang babae. Isang babaeng nakadamit ng iskarlata ang nakaupo sa pitong burol ng Roma. Siya ay isang patutot at nagkaanak ng mga babae. Ang mga anak na babaeng iyon ay ang mga Protestanteng iglesya na lumabas sa kanya at pagkatapos ay bumalik mismo sa pag-oorganisasyon at Nicolaitanismo. Ang Inang ito ng mga anak na babaeng-iglesya ay tinatawag na isang patutot. Iyan ay isang babaeng hindi naging matapat sa kanyang mga pangako sa kasal. Siya ay ikinasal sa Diyos at pagkatapos ay umalis na nakikiapid sa diablo at sa kanyang mga pakikiapid ay nagsilang siya ng

mga anak na babaeng sadyang katulad din niya. Itong pagsasama ng ina at anak na babae ay laban sa Salita, laban sa Espiritu at samakatuwid ay anti-Cristo. Oo, ANTI-CRISTO.

Ngayon bago ako mapalayo nang husto nais kong banggitin na ang mga naunang obispong ito ay nag-akalang sila ay nakatataas sa Salita. Sinabi nila sa mga tao na makapagpapatawad sila ng kanilang mga kasalanan sa pagkukumpisal ng mga kasalanang iyon. Iyan kailanman ay hindi ang katotohanan. Sila ay nagsimulang magbautismo ng mga bata noong ikalawang dantaon. Sa katunayan ay kanilang isinasagawa ang bautismo ng pagbabagong-buhay. Hindi kataka-takang ang mga tao ay nagkakandalito ngayon. Kung sila'y labis na nagkakandalito noon, halos malapit na sa Pentecostes, sila ngayon ay nasa pinakamalubhang kalagayan, bilang nasa halos 2000 taong layo na mula sa orihinal na katotohanan.

Oh, Iglesia ng Diyos, may iisang pag-asa lamang. Manumbalik sa Salita at manatili rito.

### ANG DOKTRINA NI BALAAM

Apocalipsis 2:14, “Mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid.”

Ngayon sadyang hindi kayo maaaring magkaroon ng isang Nicolaitang sistema sa iglesia at hindi papapasukin itong isa pang doktrina, rin. Alam ninyo, kung inyong aalisin ang Salita ng Diyos at ang pagkilos

ng Espiritu bilang isang paraan ng pagsamba (“yaong mga nagsisisamba sa Akin ay kinakailangang sambahin Ako sa Espiritu at sa katotohanan”) kung gayon ay kailangang bigyan ninyo ang mga tao ng isa pang anyo ng pagsamba bilang kahalili, at ang paghahalili ay nangangahulugang Balaamismo.

Kung ating uunawain kung ano ang doktrina ni Balaam sa iglesia ng Bagong Tipan ay mas mabuting bumalik tayo at alamin kung ano ito noon sa iglesia ng Lumang Tipan at gamitin ito rian sa ikatlong kapanahunan at pagkatapos ay dalhin ito sa kasalukuyan.

Ang salaysay ay matatagpuan sa Mga Bilang Kabanata 22 hanggang 25. Ngayon alam nating ang Israel ay ang hinirang na bayan ng Diyos. Sila ang mga Pentecostal noong kanilang panahon. Sila’y nagkanlong sa ilalim ng dugo, silang lahat ay nangabautismuhan sa Dagat na Pula at nagsiahon sila mula sa mga tubig, na umaawit sa Espiritu at sumasayaw sa ilalim ng lakas ng Espiritu Santo, habang si Miriam, na propetisa, ay tinutugtog ang kanyang tamburin. Buweno, pagkaraan ng isang panahon ng paglalakbay, ang mga anak na ito ni Israel ay nagtungo sa Moab. Natatandaan n’yo kung sino si Moab. Siya ay anak ni Lot sa isa sa mga sariling anak nitong babae, at si Lot naman ay pamangkin ni Abraham, kaya ang Israel at Moab ay magkamag-anak. Nais kong makita ninyo iyan. Alam ng mga Moabita ang katotohanan, kung ipinamuhay man nila iyon o hindi.

Kaya ang Israel ay nakarating hanggang sa mga hangganan ng Moab at nagsugo ng mga mensahero sa hari na nagsasabing, “Tayo ay magkapatid. Paraanin

mo kami sa inyong lupain. Kung ang aming mga tao o ang aming mga hayop ay kumain o uminom ng kahit ano, kami ay masayang magbabayad para dito.” Ngunit si Haring Balac ay labis na nabigla. Iyang pinuno ng pulutong ng mga Nicolaita na iyan ay hindi handang paraanin ang iglesya na may kasamang mga tanda nito at mga kababalaghan at iba’t ibang mga paghahayag ng Espiritu Santo, na ang mga mukha ng mga ito ay nagniningning na may kaluwalhatian ng Diyos. Iyon ay labis na mapanganib, dahil baka mawalan siya ng ilan sa kanyang mga tao. Kaya si Balac ay tumangging paraanin ang Israel. Sa katunayan, napakalaki ng kanyang takot sa kanila, kung kaya siya ay lumapit sa isang propetang bayaran na tinatawag na Balaam at hiniling dito na mamagitan sa kanya at sa Diyos at pakiusapan ang Makapangyarihan-sa-Lahat na sumpain ang Israel, at gawin silang walang lakas. At si Balaam, dahil nananabik na makibahagi sa mga bagay na ukol sa pulitika at maging isang dakilang tao, ay sadyang galak na galak na gawin ang gayon. Ngunit nakikitang kailangan niyang lumapit sa, at tumanggap ng pakikipagkita mula sa Diyos upang masumpa ang naturang mga tao dahil hindi niya iyon magagawa na siya lang mag-isa, nagtungo siya upang tanungin ang Diyos kung makukuha niya ang Kaniyang pahintulot na humayo. Ngayon hindi ba iyan sadyang katulad ng mga Nicolaita na mayroon tayo ngayon na kasama natin? Sinusumpa nila ang bawat isang ayaw dumaan sa kanilang kaparaanan.

Nang humingi si Balaam sa Diyos ng pahintulot na humayo, ay tinanggihan siya ng Diyos. Naku masakit

'yon! Ngunit nagpumilit si Balac, pinangangakuan siya ng higit na malalaking mga pabuya at karangalan. Kaya si Balaam ay muling lumapit sa Diyos. Ngayon ang isang sagot mula sa Diyos ay dapat na naging sapat na. Ngunit hindi para kay Balaam na matigas ang ulo. Nang makita ng Diyos ang kanyang katigasan ng ulo, ay sinabi Niya sa kanyang bumangon at humayo. Agad niyang siniyahan ang asno at palayo siyang umalis. Dapat napagtanto na niyang ito ay mapagparayang kalooban lamang ng Diyos at hindi niya magagawang sumpain sila kung humayo man siya nang dalawampung beses at magpumilit nang dalawampung beses. Gaano katulad ni Balaam ang mga tao ngayon! Naniniwala sila sa tatlong Diyos, nagpapabautismo sa tatlong titulo sa halip na sa PANGALAN, at gayon pa ma'y isusugo ng Diyos ang Espiritu sa kanila gaya ng Kaniyang ginawa kay Balaam, at sila'y magpapatuloy na naniniwalang sila ay talagang eksakto, at heto nga silang pawang ganap na mga Balaamista sa katunayan. Kita n'yo, ang doktrina ni Balaam. Sige magpatuloy ka pa rin. Gawin mo iyan sa iyong paraan. Sinasabi nila, "Buweno, pinagpala kami ng Diyos. Siguro'y ayos lang ito." Alam kong pinagpala Niya kayo. Hindi ko itinatangi iyan. Subalit ito'y ang siya ring maka-organisasyong daan na tinahak ni Balaam. Ito'y pagsuway sa Salita ng Diyos. Ito'y bulaang katuruan.

Kaya si Balaam ay nahihibang na nagtungo sa daan hanggang sa isang anghel mula sa Diyos ang tumayo sa kanyang daraanan. Ngunit ang propetang iyan (obispo, kardinal, tagapangulo, presidente at pangkalahatang tagapamahala) ay lubhang naging bulag sa mga Espirituwal na bagay sa pag-iisip tungkol

sa karangalan at kabantugan at salapi na hindi niya makita ang anghel na nakatayong may nakahugot na espada. Doo'y nakatayo siya upang harangin ang hibang na propeta. Nakita siya ng munting asno at umilag nang pabalik-balik hanggang sa wakas ay naipit nito ang paa ni Balaam sa isang pader na bato. Huminto ang asno at ayaw na magpatuloy. Hindi niya magagawang magpatuloy. Kaya bumaba si Balaam at nagsimulang paluin siya. Ang asno pagkatapos ay nagsimula namang magsalita kay Balaam. Pinagsalita ng Diyos ang asnong iyon sa isang wika. Ang asnong iyon ay hindi hybrid; siya ay orihinal na binhi. Sinabi niya sa nabubulagang propeta, "Hindi ba't ako'y iyong asno, at hindi ba't dinala kita nang matapat?" Sumagot si Balaam, "Siya nga, siya nga, ikaw ay aking asno at dinala mo ako nang matapat hanggang ngayon; at kung hindi kita mapasusulong, papatayin kita...whoa! ano ba 'to, nakikipag-usap sa isang asno? Kakatwa 'yan a, akala ko narinig ko ang asno na nagsasalita at sinasagot ko naman ito."

Ang Diyos ay dati nang laging nagsasalita sa isang wika. Siya'y nagsalita sa piging ni Belshazzar at pagkatapos ay sa Pentecostes. Ginagawa Niya itong muli ngayon. Ito'y isang babala ng malapit nang dumating na paghuhukom.

Pagkatapos ang anghel ay ginawang lantad sa paningin ni Balaam. Sinabi niya kay Balaam na kundi lamang sa asno'y patay na sana siya ngayon dahil sa panunubok sa Diyos. Ngunit nang mangako si Balaam na bumalik, siya'y isinugong may paalala na sabihin kung ano lamang ang ibinigay sa kanya ng Diyos.

Kaya si Balaam ay bumaba at nagtayo ng pitong altar para sa malilinis na mga hayop na panghain. Pumatay siya ng isang lalaking tupa na sumasagisag sa pagdating ng Mesiyas. Alam niya kung ano ang gagawin upang makalapit sa Diyos. Nakuha niya ang mekanika nang sadyang tama; pero hindi ang dinamika; katulad din ng sa ngayon. Hindi ba ninyo nakikita iyon, mga Nicolaita? Naroon ang Israel doon sa baba ng lambak na nag-aalay ng gayon ding hain, ginagawa ang gayon ding mga bagay, ngunit isa lamang ang may taglay ng mga tandang sumusunod. Iisa lang ang may Diyos sa kanilang kalagitnaan. Ang anyo'y hindi makapagdadala sa inyo saan man. Hindi nito mapapalitan ang lugar ng paghahayag ng Espiritu. Iyan ang nangyari sa Nicaea. Pinapangyari nila ang doktrina ni Balaam, hindi ang doktrina ng Diyos. At sila'y nangatisod; oo sila'y nangahulog. Sila'y naging mga taong patay.

Pagkaraang gawin ang hain, si Balaam ay handa nang magpropesiya. Ngunit ibinuhol ng Diyos ang kanyang dila at hindi niya sila masumpa. Pinagpala niya sila.

Si Balac ay galit na galit, ngunit wala nang anumang magagawa pa si Balaam tungkol sa propesiyang iyon. Iyon ay nabigkas na ng Espiritu Santo. Kaya sinabihan ni Balac si Balaam na bumaba, doon sa lambak, at tingnan ang kanilang likurang mga bahagi para malaman kung wala bang ibang posibleng paraan na maaari niyang sumpain sila. Ang mga pamamaraang ginamit ni Balac ay ang siya ring mga pamamaraang ginagamit nila ngayon. Hinahamak ng mga malalaking denominasyon ang mga maliliit na grupo, at anuman ang kanilang matagpuan sa gitna ng mga ito upang



makabuo ng kasiraang-puri ay inilalabas nila iyon at iyon ay ipinagsisigawan. Kung ang mga makabago'y nabubuhay sa kasalanan, sinuma'y walang nagsasalita tungkol dito; pero hayaang isa sa mga hinirang ang mapasok sa gulo at binabatikos iyon ng bawat pahayagan sa buong bansa. Oo, ang Israel ay mayroong likuran (karnal) na mga bahagi. Meron silang bahagi nila na hindi kapuri-puri; ngunit sa kabila ng kanilang mga kapintasan, sa pamamagitan ng layon ng Diyos na gumagawa sa paghirang, sa pamamagitan ng biyaya at hindi ng mga gawa, AY NASA KANILA ANG ULAP SA ARAW AT ANG HALIGING APOY SA GABI, NASA KANILA ANG HINAMPAS NA BATO, ANG AHAS NA TANSO AT ANG MGA TANDA AT MGA KABABALAGHAN. Sila ay pinatotohanan—hindi sa kanilang mga sarili, kundi sa Diyos.

Ang Diyos ay walang anumang paggalang para sa mga Nicolaitang iyon na taglay ang kanilang mga PHD, mga LLD at mga DD at lahat ng kanilang mga magagaling na organisasyon at ang pinakamainam na maaaring ipagmalaki ng tao; ngunit tunay na mayroon Siyang paggalang sa Israel sapagkat taglay nila ang Salitang pinatunayan sa kanilang kalagitnaan. Tiyak na hindi nagmukhang napakatalino ng Israel, na noo'y kalalabas pa lamang mula sa Egipto sa isang madalian na pagtakas, ngunit siya ay isang pinagpalang bayan gayon pa man. Ang tanging nalaman niya sa loob ng mahigit na 300 taon ay ang pagpapastol ng mga kawan, pag-aalaga ng mga bukirin at pagpapaalipin sa pagkatakot sa kamatayan sa ilalim ng mga taga-Egipto. Ngunit siya'y malaya na ngayon. Siya ay isang pinagpalang bayan sa pamamagitan ng dakilang

kapangyarihan ng Diyos. Tiyak na hinamak siya ng Moab. Ang lahat ng iba pang mga bansa'y nang-alipusta, rin. Laging dinudusta ng organisasyon ang mga walang organisasyon, at sa pamamagitan ng determinasyon ay ipapasok sila sa organisasyon o kaya ay sisirain sila kung sila'y hindi sasama.

Ngayon maaaring may magtanong sa akin, “Kapatid na Branham, ano ang nakapagpapaisip sa iyo na ang Moab ay nag-organisa samantalang ang Israel ay hindi? Saan mo nakukuha ang kaisipang iyan?” Nakukuha ko ito rito mismo sa Biblia. Itong lahat ay nakatipo dito. Bawat bagay na nakasulat sa Lumang Tipan na nasa anyong salaysay ay isinulat para sa pagpapaalala sa atin nang sa gayon ay matuto tayo mula rito. Heto ito mismo sa Mga Bilang 23:9, “Mula sa taluktok ng mga bato ay Aking nakikita siya, at mula sa mga burol ay Akin siyang natatanawan; narito, siya'y isang bayang tatahang MAG-ISA, at HINDI IBINIBILANG SA GITNA NG MGA BANSA.” Hayan nga ito. Ang Diyos nakatanaw pababa mula sa taluktok ng mga bato, hindi sa kung anong lambak na hinahanap ang kanilang masasamang katangian at sinusumpa sila. Ang Diyos nakikita sila sa paraang nais Niyang makita sila—mula sa karurukan ng pag-ibig at awa. Sila'y tumatahang MAG-ISA at sila'y walang organisasyon. Wala silang hari. Mayroon silang propeta, at taglay ng propeta ang Diyos sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu; at ang Salita ay dumating sa propeta at ang Salita ay nakarating sa mga tao. Hindi sila kasapi sa U.N. Hindi sila kaanib sa World Council of Churches, sa mga Baptist, mga Presbyterian, Assembly of God o anumang iba pang grupo. Hindi nila kailangang umanib. Sila ay nakaugnay sa Diyos. Hindi nila

kailangan ng payo mula sa anumang konseho—taglay nila ang “Ganito ang sabi ng Panginoon” sa kanilang kalagitnaan. Aleluya!

Ngayon sa kabila ng katotohanang alam ni Balaam ang tamang paglapit sa Diyos at makapagpapalabas ng isang kapahayagan mula sa Panginoon sa pamamagitan ng isang natatanging pagkakaloob ng kapangyarihan, siya pa rin sa kabila niyan ay isang obispo sa bulaang grupo. Dahil ano na ngayon ang ginawa niya upang makuha ang pabor ni Balac? Bumuo siya ng isang plano kung saan mapipilitan ang Diyos na tratuhin ang Israel tungo sa kamatayan. Sadyang katulad ng batid ni Satanas na malililang niya si Eva (maihulog siya sa kasalanang panlaman) na dahil diyan ay naigawad ng Diyos ang Kaniyang hatol ng kamatayan laban sa kasalanan, ay gayon din naman na batid ni Balaam na kung mapapagkasala niya ang Israel, ay kailangang tratuhin sila ng Diyos tungo sa kamatayan. Kung kaya’t bumuo siya ng isang paraan para mapadalo niya sila at mapasali sa kasalanan. Nagpahatid siya ng mga paanyayang magsidalò sa pista ng Baal-peor (halikayo at makisamba sa amin). Ngayon ang Israel, walang duda, ay nakakita na ng mga pista ng mga taga-Egipto kaya hindi nila nadamang lubhang di-tama ang dumalo at manood lang at marahil ay makikain sa mga tao. (Ano nga ba naman ang mali sa pakikisama? Dapat sana’y iniibig natin sila, hindi nga ba, o papaano natin sila mahihikayat?) Ang pagiging palakaibigan ay hindi naman kailanman nakasakit ng maski sino—o gayon nga ang akala nila. Pero nang ang mga seksing Moabitang kababaihang iyon ay magsimulang sumayaw

at maghubad habang nagpapaikut-ikot sila sa paligid na ginagawa ang kanilang rock and roll at twist, ang masamang pita ay nagising sa mga Israelita at sila'y nasangkot sa pangangalunya, at ang Diyos sa labis na pagkapoot ay kinitlan ng buhay ang apatnapu't dalawang libo sa kanila.

At iyan ang ginawa ni Constantine at ng mga humalili sa kanya doon sa Nicaea at pagkatapos ng Nicaea. Inanyayahan nila ang bayan ng Diyos sa kombensiyon. At nang maupo ang iglesya upang kumain, at tumayo para makipaglaro (pakikibahagi sa kaanyuang pang-iglesya, mga seremonya, at mga paganong kapistahang isinunod ang katawagan sa mga seremonyang Cristiyano) ay nabitag siya; nagkasala siya ng pakikiapid. At ang Diyos ay umalis palabas.

Kapag tumatalikod ang sinumang tao mula sa Salita ng Diyos at umaanib sa isang iglesya sa halip na tumanggap ng Banal na Espiritu, ang taong iyan ay namamatay. Patay! Iyan nga kung ano siya. Huwag kayong umanib sa isang iglesya. Huwag kayong pumasok sa organisasyon at masaklaw ng mga kredo at tradisyon o anumang bagay na humahalili sa lugar ng Salita at ng Espiritu, o kayo'y patay na. Tapos nang lahat. Patay na kayo. Walang hanggang nakahiwalay sa Diyos!

Iyan ang nangyari sa bawat kapanahunan mula pa noon. Inililigtas ng Diyos ang mga tao. Sa pamamagitan ng dugo ay lumalabas sila, na pinapaging-banal ng Salita, lumalakad sa mga tubig ng bautismo at napupuspos ng Espiritu; ngunit pagkaraan ng ilang sandali ay nanlalamig ang unang pag-ibig at may isang

nagkakaroon ng ideya na sila'y nararapat na mag-organisa upang mapangalagaan ang kanilang mga sarili at makagawa ng pangalan para sa kanilang mga sarili, at inoorganisa na naman nila mismo ang kanilang mga sarili pagdating ng ikalawang henerasyon at kung minsa'y bago pa nga nang panahong iyon. Hindi na nila taglay ang Espiritu ng Diyos, isang anyo na lamang ng pagsamba. Sila ay mga patay na. Inihalo na nila ang kanilang mga sarili sa kredo at anyo at walang buhay sa kanila.

Kaya nagawa ni Balaam na ang Israel ay makagawa ng pakikiapid. Alam ba ninyong ang pisikal na pakikiapid ay ang siya ring espiritung nasa organisadong relihiyon? Ang sabi ko'y ang espiritu ng pakikiapid ay ang espiritu ng organisasyon. At ang lahat ng mga mapakiapid ay magkakaroon ng kanilang lugar sa dagat-dagatang apoy. Iyan ang iniisip ng Diyos tungkol sa organisasyon. Siyanga, ang patutot at ang kanyang mga anak na babae ay mapupunta sa dagat-dagatang apoy.

Ang mga denominasyon ay hindi sa Diyos. Kailanma'y hindi sila naging at kailanma'y hindi magiging gayon. Ito'y isang likong espiritu na pinagbubukod-bukod ang mga tao ng Diyos tungo sa herarkiya at mga karaniwang tao; at ito'y, samakatuwid, isang likong espiritu na pinaghihiwalay ang mga tao. Iyan ang ginagawa ng pag-organisasyon at mga denominasyon. Sa pagbuo ng organisasyon ay inihhiwalay nila ang kanilang mga sarili mula sa Salita ng Diyos, at dinadala ang kanilang mga sarili patungo sa espirituwal na pangangalunya.

Ngayon pansining si Constantine ay nagbigay ng mga natatanging kapistahan sa mga tao. Ang mga ito'y mga lumang paganong kapistahan na may mga bagong pangalang kinuha mula sa iglesya, o sa ilang mga pagkakataon ang mga seremonyang Cristiyano ay kinuha at sinalaula sa mga paganong seremonya. Kinuha niya ang pagsamba sa diyos na araw at iyon ay ginawang Anak ng Diyos. Sa halip na magdiwang nang Disyembre 21, na siyang kung kailan nila dating ipinagdiriwang ang kapistahan para sa diyos na araw, ay inilagay nila iyon nang ika-25 ng Disyembre at tinawag iyon na kaarawan ng Anak ng Diyos. Subalit alam nating Siya ay ipinanganak nang Abril kung kailan ang buhay ay sumisibol, hindi nang Disyembre. At kinuha nila ang kapistahang ukol kay Astarte at tinawag iyon na pagdiriwang ng Easter kung saan ang Cristiyano'y dapat sanang ipinagdiriwang ang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli ng Panginoon. Sa katunayan iyon ay isang paganong kapistahang ukol kay Astarte.

Naglagay sila ng mga altar sa simbahan. Naglagay sila ng mga rebulto. Binigyan nila ang mga tao ng tinatawag nilang kredo ng mga apostol, bagaman hindi ninyo iyan matatagpuan sa Biblia. Tinuruan nila ang mga tao ng pagsamba sa mga ninuno na sa ganyang paraa'y ginagawa ang Iglesya Katolika Romana na pinakamalaking espiritistang iglesya sa daigdig. Bawat karumal-dumal na ibon ay nasa kulungang iyan. At nandiyan ang mga Protestanteng ang kanilang mga organisasyon ay gumagawa ng gayon ding bagay.

*Sila'y nagsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diyos-diyosan.* Ngayon hindi ko sinasabing ito'y talagang

nangangahulugang sila’y literal na kumakain ng mga pagkaing inihahain sa mga diyos-diyosan. Sapagkat bagama’t ang konseho ng Jerusalem ay nagsalita laban sa gayon, si Pablo’y hindi iyon itinuring na gayon kaimportante dahil sinabi niyang ang mga diyos-diyosan ay wala namang halaga. Ito lamang ay isang paksang hinggil sa budhi maliban lamang kung saan ito’y nakatisod ng isang higit na mahinang kapatiran at kung gayon ito’y hindi ipinahihintulot. Isa pa, ang Kapahayagang ito ay may kinalaman sa mga Gentil at hindi sa mga Hudyo dahil ang mga ito’y mga Gentil na Iglesia. Nakikita ko ito sa gayon ding liwanag na aking nakikita ang mga salita ng Panginoon na, “Malibang inyong kanin ang Aking laman at inumin ang Aking dugo ay wala kayong buhay sa inyo. Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.” Makikita ninyong ang pagkain sa katunayan ay pakikibahagi sa isang diwang espirituwal. Kaya kapag ang mga taong ito ay nangagsisiluhod sa mga rebulto, nagsisipagsindi ng mga kandila, gumagamit ng mga paganong kapistahan, ikinukumpisal ang kanilang mga kasalanan sa mga tao (ang lahat ng mga ito’y nakaanib sa relihiyon ng diablo,) sila’y mga nakikibahagi sa diablo at hindi sa Panginoon. Sila’y nagsisisamba sa mga diyos-diyosan aminin man nila ito o hindi. Masasabi nila ang lahat ng gusto nila na ang mga altar at ang kamanyang ay upang paalalahanan lamang sila hinggil sa mga panalangin ng Panginoon o maging ano pa man ang iniisip nilang kahulugan nito; at masasabi nila na kapag sila’y nagdarasal sa harap ng rebulto iyon lamang ay alang-alang sa pagbibigay-diin; at saka kapag sila’y nagkukumpisal sa pari, ito ay talagang sa Diyos nila

ginagawa sa kanilang mga puso, at kapag sinasabi nilang pinatatawad sila ng pari, ito lamang ay dahil sa ginagawa niya ito sa Pangalan ng Panginoon; masasabi nila ang kanilang gusto pero sila’y nakikibahagi sa kilalang maka-Babilonia, at maka-Satanas na relihiyon at inianib ang kanilang mga sarili sa mga diyos-diyosan at nagkasala ng espirituwal na pakikiapid, na nangangahulugang kamatayan. Sila ay patay na.

Kaya ang simbahan at ang estado ay ikinasal. Ang simbahan ay nakihalo sa mga diyos-diyosan. Dahil ang kapangyarihan ng estado ay nasa likuran na nila nadama nila na ngayon, “Ang kaharian ay dumating na at ang kalooban ng Diyos ay ipinatupad na sa ibabaw ng lupa.” Hindi kataka-takang ang Iglesia Katolika Romana ay hindi naghihintay sa pagbabalik ng Panginoong Jesus. Sila ay hindi mga milenyalista. Taglay na nila ang kanilang milenyum dito mismo. Ang papa ay naghahari na mismo ngayon at ang Diyos ay naghahari sa pamamagitan niya. Kaya kapag Siya’y dumating, ayon sa kanila, ito daw ay dapat na kung kailan ang bagong langit at ang bagong lupa ay nakahanda na. Subalit sila ay mali. Ang papang iyan ay ang pangulo ng bulaang iglesia, at magkakaroon ng milenyum, ngunit samantalang nagaganap iyan ay hindi siya makakasama rito. Siya’y pasasa iba pang dako.

## ANG BABALA

Apocalipsis 2:16. “Magsisi ka nga o kung hindi ay madaling paririyan Ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng Aking bibig.”

Ano pa nga ba ang Kaniyang masasabi? Maaari bang hindi pansinin ng Diyos ang kasalanan niyaong



mga nagdala ng Kaniyang Pangalan sa walang kabuluhan? May iisang paraan lamang upang tumanggap ng biyaya sa oras ng kasalanan, MAGSISI. Ipagtapat mong ikaw ay mali. Lumapit ka sa Diyos para sa kapatawaran at para sa Espiritu ng Diyos. Ito ay isang utos mula sa Diyos. Ang sumuway ay kamatayan, pagkat sinasabi Niyang, “Ikaw ay babakahin Ko ng tabak ng Aking bibig.” Ang hayop ay nakipagbaka sa mga banal, ngunit ang Diyos ay makikipagbaka sa hayop. Yaong mga lumaban sa Salita ay matatagpuan isang araw na sila’y nilalabanan ng Salita. Isang mapanganib na bagay ang mag-alis, o magdagdag sa Salita ng Diyos. Para doon sa mga nagbago nito, at ginawa rito dahil sa ito’y umakma sa kanila, ano ba ang kanilang kahihinatnan kundi kamatayan at pagkalipol? Ngunit ang biyaya ng Diyos ay sumisigaw pa rin, “Magsisi.” O, kay-tamis ng mga diwa ng pagsisisi. Wala sa aking mga kamay na aking ihahatid, sa Iyong krus lamang ako’y nakakapit. Dala ko ang aking dalamhati. Ako’y nagsisising ako nga ay kung ano ako, at kung ano ang aking nagawa. Ngayon ito ay ang dugo, walang iba kundi ang dugo ni Jesus. Magiging ano iyon? Pagsisisi, o ang tabak ng kamatayan? Nasa iyo na ’yon.

*(Sinipi mula sa Isang Paglalahad Ng  
Pitong Kapanahunan Ng Iglesya)*

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng mayari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)